## *KALUSUGAN BAGO ANG KITA – JOY B.*

# Smoking ban, paiigtingin sa QC

Mas paiigtingin at hihigpitan na ang smoking ban sa lungsod Quezon.

Ito ang ipinangako ni QC Acting Mayor Joy Belmonte matapos makatanggap ng mga sumbong na hindi naipapatupad nang husto ang nasabing batas sa lungsod.

Ayon kay Belmonte ay dahil mas prayoridad niya ang kalusugan ng mamamayan kaysa sa kinikita ng mga establisimyento na nagbebenta ng sigarilyo.

"I know some who have died because of vice-related illnesses, and some were just victimized by second-hand smoke. That's the reason why we have a smoking ban but still, there are people whose counter-argument is the loss of profit for bars [and other establishments]. You have to weigh which is more important—your profit or the people's health? I think health is more important. "You might think it's okay for you, being a smoker, to acquire respiratory diseases, but you're forgetting your smoke can kill the person next to you who doesn't smoke, and its obviously unfair. Let's also think about that perspective," dagdag ni Belmonte.

Nanindigan din si Belmonte sa pagpapataw ng parusa sa mga lalabag sa ordinansa at sinabing muli nitong bibisitahin ang batas para sa mga posibleng pagbabago upang gawin itong mas naaayon sa Executive Order No. 26 na inilabas ni Pangulong Rodrigo Duterte noong May 2017.

Anya, bukas ang pamahalaang lungsod para pakinggan ang mga hinaing ng mga bar owner sakaling makaapekto sa kanilang kita ang pagbabawal sa paninigarilyo sa mga pampublikong lugar. *(Angie dela Cruz)*